# MGA KAMPANYA, PAKIKIISA AT KATARUNGAN PARA SA PANINIRAHANG MAY KASEGURUHAN AT KARAPATANG PANG-LUPA

May mga pitumpu't milyon pang mga taong-nananahan ang mapipilitang mapasali sa kasalukuyang isang bilyong mga katauhang walang tahanan o dili kaya'y namumuhay sa masamang kondisyon ng paninirahan, ayon sa sensong isinagawa ng UN. Ito ay lumalabag sa kaseguruhan ng mga makataong pamayanan, sapagkat:

- ito ay lumalabag sa katiwasayan ng mga tao, pamilya at komunidad na natatali sa patuloy at walang katiyakang paghahanap ng masisilungan, sa halip na mapayapang nagbubuhos ng kanilang panahon sa pagtatayo ng mga malalaya at mararangal na mga lungsod at pamayanan.

- ipinamamalas nito, na hindi lamang na hindi napaparusahan ang mga paglabag sa mga isinatatag na pandaigdigang karapatan, kundi na ang mga paglabag na ito ay kadalasang hinihikayat sa ngalan ng neo-liberal na pag-unlad;

- binabali nito ang bawat panlipunang kasunduang patungkol sa sibil na pakikipamuhay na nakabatay sa karapatan, katarungan, tuluy-tuloy na pag-unlad at pagtataguyod ng magkawangis na kinabukasan para sa nakararami.

- itinatakda nito ang pagkabigo sa pagkamit ng Layunin Blg. 7-11 ng Millenium Development Goals (MDG), at sa gayon ay pinaparupok ang pag-asa at pagiging katiwa-tiwala ng mga institusyong pampubliko at ng United Nations.

Sa kabutihang-palad ay marami sa kasalukuyang mga kampanyang isinasaganap ng mga taong-nananahan sa buong daigdig, para sa karapatang pang-matiwasay-na-paninirahan, at laban sa mga sapilitang pagpapaalis at malakihang paglilipat ng mga nananahan, na dulot ng mga pamumuhunang pananalapi at pag-aari upang makapagpatayo ng mga imprustruktura at malakihang proyekto; dulot ng mga diskriminasyong panlipunan, pang-ekonomiya, panlahi at pang-kasarian; at dulot din ng mga pagsasapribado, digmaan, sakunang pangkalikasan at mga kabulukan sa pamahalaan.

Ang Kampanyang "Zero Evictions", na inilunsad sa panahon ng WSF 2004, ay mabisang nakatulong sa pagbibigay-boses sa mga taong-nananahan at sa kanilang kultura, na siya namang nagbigay-daan sa pagkikipaglaban at nagtamo ng mga mahahalagang bunga sa iba't ibang bansa.

Subalit hindi ito sapat: kinakailangang makalikha ng puwang na magtitipon sa mga panlipunang kilusan ng mga tagalungsod, kung saan sila ay nakapagbabahaginan ng mga karanasan at puna, napagkakaisa sa mga estratehiya at sama-samang pagkilos, na nagsasa-alang-alang sa pagkakaiba ng mga kultura at hakbang, at may kakayanang pagtibayin ang pakikipaglaban at ang mga alternatibong panukala.

**Sa kadahilanang ito, aming inilulunsad ang panawagan upang itatag ang World Zero Eviction Days 2007 sa buong buwan ng Oktubre 2007, at sa gayo'y mapasimulan ang 2007-2008 Pangdaigdigang Kampanya: Sama-samang Kilos para sa Pabahay Para sa Lahat!, isang resolusyong pinagpasyahan ng IAI, FAL at HIC noong WSF sa Nairobi, na magtatapos sa Pangdaigididigang Araw ng Mobilisasyon ng World Social Forum sa ika-26 ng Enero, 2008.**

>>>Malugod naming inaanyayahan ang: mga taong-nananahan, mga nangungupahan, mga walang tahanan, mga walang lupa, mga samahan ng mga mandarayuhan; mga kooperatiba, lupon at sentrong panlipunan, gayon din ang mga panlipunang kilusang panlungsod sa buong mundo na pag-ibayuhin ang kanilang mga kusang-pagkilos (gaya ng: mga martsa, press conference, sit-in, mga araw ng pagkakaisa, mga bloke, pagpupulong, atbpa.) sa pamamagitan ng pagpaplano ng mga ito sa paraang napapaloob sa balangkas ng "World Zero Eviction Days para sa mga karapatang pang-matiwasay-na-paninirahan", upang:

- Isuplong ang mga banta ng sapilitang pagpapaalis, paggiba ng mga tirahan, at di-pagkakapantay-pantay ng paninirahan;

- Hadlangan ang pagpapaalis sa mga lupain at pag-aari; at pagsusubasta ng mga tahanan ng mga biktima ng huwad na pagsangla;

- Mangampanya laban sa pagsasapribado, pagliliberalisa at sa kabulukang nagaganap sa loob ng sektor ng pabahay at palupa;

- Suportahan ang mga kampanya sa repormang palupa at ang pagbawi sa mga bakanteng bahay-panuluyang pinagkakakitaan ng mga nagsasamantala;

- Suportahan ang pagkakansela ng panlabas-na-utang sa pamamagitan ng pagtataguyod ng "People's Fund for Housing and Land", na dapat na nasa pamamahala ng mga samahan ng mga taong-nananahan;

- Suportahan ang aktibong muling-pagtatayo ng mga pamayanang nasalanta ng mga sakunang pangkalikasan at mga digmaan;

- Hilingin sa mga lokal na tagapangasiwa at mga pambansang pamahalaan na tanghalin nilang "eviction free" ang kanilang mga teritoryo sa pamamagitan ng pagpapairal ng mga angkop na patakaran.

- Muling ilunsad ang kasalukuyang nagaganap na "Kampanyang Zero Evictions" at magmungkahi ng mga bagong kampanya.

>>>Mahigpit naming inaanyayahan ang mga maykapangyarihang lokal, mga pambansa at pang-rehiyong pamahalaan, ang United Nations, lalo na ang UN-Habitat at ang Lupong Tagapayo sa Forced Evictions (AGFE) na suportahan ang mga kusang-pagkilos na tumataguyod sa artikulo 11 ng ICESCR, upang makamit ang mga layunin ng MDG, lalung-lalo na ang Blg. 7-11.

>>>Ipadala ang inyong panukala para sa World Zero Evictions Days (may form na maaaring kunin dito) (download online)! Aming ilalathala ang inyong panukala sa isang espesyal na 'interactive page' sa www.habitants.org, ang site para sa karapatang pang-paninirahang walang hanggahan, na may mahigit na 180,000 tama sa bawa't buwan.

>>>Magmungkahi ng mga kusang-pagkilos para sa araw ng pangdaigdigang pagmomobilisa sa 26/01/2008 (may form na maaaring kunin dito) (download online). Magkasama natin itong tatalakayin at pagpapasyahan.

>>>Ipaalam sa Alert System ang anumang mga kaso ng paglabag sa karapatang paninirahan. (may form na maaaring kunin dito) (download online).

**Wala nang hiwa-hiwalay na mga kampanya!**

**Sapagkat ang sama-samang pagsisikap, pagkakaisa at katarungan lamang ang makapagseseguro sa karapatang paninirahan!**

**PANDAIGDIGANG ALYANSA NG MGA TAONG-NANANAHAN**

**Setyembre 2007**